

LUNGSOD NG CERRITOS
PATAKARAN SA PAGPUTOL NG SERBISYO SA TUBIG

Bilang pagsunod sa

Water Shutoff Protection Act (Batas ng Proteksyon sa Pagputol ng Tubig) – SB 998

- 1. Layunin:** Ang patakarang ito sa pagputol sa residensyal na serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad ay itinatag upang sumunod sa mga probisyon ng Panukalang Batas ng Senado 998 na kilala bilang Water Shutoff Protection Act na isinabatas noong Setyembre 28, 2018.
- 2. Paglalatapat ng Patakarang:** Ilalapat lamang ang patakarang ito sa mga account na residensyal na serbisyo sa tubig, kabilang ang mga nakahiwalay na tirahang pang-isahang pamilya at mga residensyal na istrukturang pangmaramihang yunit. Hindi nalalapat ang patakarang sa mga account ng serbisyong pangkomersyo, pang-industriya, landscape o para sa sunog.
- 3. Numero ng Telepono para sa Pakikipag-ugnayan:** Maaaring makipag-ugnayan sa Water Billing Division ng Lungsod ng Cerritos sa (562) 916-1235.
- 4. Pagputol ng Residensyal na Serbisyo sa Tubig dahil sa Hindi Pagbabayad:**
 - A. *Pagbabayad sa mga Singil sa Serbisyo sa Tubig:* Ang mga singil para sa serbisyo sa tubig ay ibibigay sa bawat customer ng residensyal na serbisyo sa tubig kada dalawang buwan. Ang mga singil para sa serbisyo sa tubig ay dapat bayaran kapag ipinakita ito sa customer at mapapasailalim sa pagputol ng serbisyo kapag hindi binayaran sa loob ng animnapung (60) araw ng kalendaryo mula sa petsa ng singil. Responsibilidad ng residensyal na customer na tiyaking matatanggap ng Water Billing Division ng Lungsod ng Cerritos ang mga kabayaran sa tamang oras. Hindi pinahihintulutan ang hindi kumpletong pagbabayad (maliban kung may dati nang mga naisagawang kaayusan) at hindi tatanggapin ang mga tatak na petsa ng koreo. Makikipag-ugnayan ang Lungsod sa residensyal na customer nang hindi bababa sa pitong (7) araw ng tanggapan sa pamamagitan ng telepono O nakasulat na abiso bago ang pagputol ng serbisyo sa tubig.
 - B. *Mga Iniaatas ng Nakasulat na Abiso:* Ang sumusunod ay ilalapat sa mga account ng residensyal na serbisyo sa tubig na may natitirang balanseng hindi pa nababayaran ng mahigit sa labinlimang (15) araw ng kalendaryo kasunod ng petsa ng singil:
 1. Abiso ng Paalala: Isang abiso ng paalala ang ipapadala sa mga account ng residensyal na serbisyo sa tubig na may mga hindi pa nababayaran balanse ng tatlung (30) araw mula sa petsa ng singil kung walang kabayaran natanggap.
 2. Panghuling Abiso: Isang panghuling abiso ang personal na ihahatid at isasabit sa pinto ng account ng siniserbisyuhan ng tubig na may hindi pa nababayaran balanse ng limampung (50) araw mula sa petsa ng singil kung walang kabayaran natanggap. Ipapaalam ng abiso sa customer na puputulin ang serbisyo sa tubig kung hindi natanggap ang kabayaran, o hindi naisagawa ang kaayusan sa pagbabayad, sa loob ng sampung (10) araw ng tanggapan ng petsa ng abiso. Magbibigay rin ng kopya ng patakarang ito.

Lungsod ng Cerritos
Patakaran sa Pagputol ng Serbisyo sa Tubig
Pebrero 2020

Kung naiiba ang address ng customer sa pisikal na address na siniserbisyuhan, magbibigay ang Lungsod ng personal na inihatid na abiso na isasabit sa pinto ng pisikal na tirahang siniserbisyuhan. Ipapaalam ng abiso sa residente na puputulin ang serbisyo sa tubig kung hindi natanggap ang kabayaran, o hindi naisagawa ang kaayusan sa pagbabayad sa loob ng sampung (10) araw ng tanggapan ng petsa ng abiso. Magbibigay rin ng kopya ng patakarang ito.

3. Tawag Bilang Paalala: Sa hindi bababa sa pitong (7) araw ng tanggapan bago ang pagputol ng serbisyo sa tubig, magbibigay ang Lungsod ng abiso sa residensyal na customer tungkol sa nalalapit na pagputol ng serbisyo sa tubig sa pamamagitan ng tawag sa telepono. Ang tawag bilang paalala ay magsisilbi bilang huling pagsubok ng Lungsod na kolektahin ang halagang lagpas na sa takdang petsa bago ang pagputol. Sa tawag bilang paalala na iyon, maghahandog ang Lungsod ng kopya ng patakarang ito at, kapag hiniling, ay magbibigay sa residensyal na customer ng mga opsyon sa paggawa ng mga kaayusan sa pagbabayad at ng pamamaraan para sa pag-apela ng singil sa customer.
 4. Pagputol ng Serbisyo: Hindi puputulin ang serbisyo nang mas maaga kaysa sa 60 araw pagkatapos ng petsa ng singil.
- C. *Mga Kondisyong Pipigil sa Pagputol ng Serbisyo sa Tubig:* Hindi puputulin ang serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad kung matutugunan ang lahat ng sumusunod na kondisyon:
1. Pumapayag ang customer na pasukin ang kaayusan sa pagbabayad para sa pagbabayad sa natitirang balanse ng singil. Dapat humiling ang customer ng kaayusan sa pagbabayad bago account ay maging animnapung (60) araw na lampas sa itinakdang petsa ng pagbabayad ang singil.
 2. Magbibigay ang customer ng sertipikasyon mula sa pangunahing health care provider (tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan) na ang pagputol ng serbisyo sa tubig ay potensyal na banta sa buhay o isang seryosong banta sa kalusugan o kaligtasan ng residente.
 3. Magbibigay ang customer ng katibayang hindi niya kayang magbayad sa loob ng regular na panahon ng pagsingil sa tubig. Maaaring maging kabilang sa katibayan ang pagiging bahagi ng CalWorks, CalFresh, General Assistance, Medi-Cal, SSI o CARE (200% ng antas ng kahirapan).
- 5. Proseso ng Pag-apela:** Kung kukwestyunin ang halaga ng singil sa residensyal na serbisyo sa tubig, dapat agad na makipag-ugnay ang customer sa Cerritos Water Billing Division sa (562) 916-1235 para sa pagpapaliwanag sa singil. Kung hindi nasisiyahan ang customer sa paliwanag, maaaring iapela ng customer ang singil sa paraang nakasulat sa Finance Manager (Tagapamahala sa Pananalapi) para mapag-aralan. Ang lahat ng nakasulat na apela ay dapat isumite sa: City of Cerritos, 18125 Bloomfield Avenue, Cerritos, CA 90703, c/o Finance Manager. Dapat isaad sa mga apela ang (mga) dahilan kung bakit sa tingin ng customer ay hindi tama ang singil. Pag-aaralan ng Finance Manager ang kaso at siya ay awtorisadong gumawa ng mga pagsasaayos sa singil kung kailangan upang itama ang mga hindi

Lungsod ng Cerritos
Patakaran sa Pagputol ng Serbisyo sa Tubig
Pebrero 2020

pagkawasto ng singil. Hindi puputulin ang singil sa tubig habang nakabinbin ang apela. Kasunod ng paglabas ng panghuling pasya sa apela, patuloy na ilalapat ang patakaran sa pagputol ng serbisyo gaya ng nakasaad sa Seksyon 4. Kung dumaan na ang mahigit animnapung (60) araw mula sa petsa ng singil habang nakabinbin ang apela, ang customer ay magkakaroon ng pitong (7) araw mula sa paglabas ng panghuling pasya sa apela upang bayaran ang natitirang balanse sa account ng residensyal na serbisyo sa tubig.

- 6. Proseso ng Pagsasaayos ng Kabayaran:** Dedikado ang Lungsod sa pakikipagtulungan sa aming mga customer ng serbisyo sa tubig upang magkaloob ng mga kaayusan sa pagbabayad para sa serbisyo sa tubig upang maiwasan ang mga labis na paghihirap. Mangyaring tumawag sa Water Billing Division sa (562) 916-1235 upang humiling ng kaayusan sa pagbabayad.

Ang patakaran para sa pagtatatag ng kaayusan sa pagbabayad ay gaya ng sumusunod:

Makikipagtulungan ang Lungsod sa customer upang magtatag ng napagkasunduan ng magkabilang panig na mga tuntunin sa pagbabayad ng delingkwenteng singil sa tubig. Sa oras na maaprubahan, kukumpirmahin sa paraang nakasulat ang iskedyul ng kaayusan sa pagbabayad. Hihilingin sa customer na pirmahan ang kaayusan at bibigyan ng kopya. Ang mga kaayusan sa pagbabayad ay mag-aatas ng buo at nasa tamang oras na mga pagbabayad sa mga singil sa hinaharap, habang ang delingkwenteng halaga ay maaaring bayaran nang paunti-unti sa loob ng panahong hindi lalampas ng labindalawang (12) buwan.

Kung hindi nakasunod ang customer sa napagkasunduang kaayusan sa pagbabayad o hindi nabayaran ang mga kasalukuyang singil alinsunod sa mga iniaatas sa pagbabayad na nakasaad sa Seksyon 4, puputulin ang serbisyo sa tubig pagkatapos ng sampung (10) araw ng tanggapan kasunod ng paglabas ng abiso sa pagputol ng serbisyo.

- 7. Pagpapanumbalik ng Serbisyo:** Kung naputol ang serbisyo, ibabalik ang serbisyo sa oras na matanggap ang kabayaran para sa natitirang delingkwenteng balanse at \$15 na singil sa muling pagpapakabit.